Kaguruan

Dr. Michael M. Coroza	Tagapangulo
Dr. Christoffer Mitch C. Cerda	Kawaksing Tagapangulo
Dr. Allan Alberto N. Derain	Direktor, AILAP
Dr. Alvin B. Yapan	Patnugot, Katipunan
Mr. Christian Jil R. Benitez	Katuwang na Patnugot, Katipunan

Mr. Aristotle J. Atienza
Dr. Christine Bellen-Ang
Dr. Gary C. Devilles
Mr. Ariel A. Diccion
Mr. Jomar I. Empaynado
Ms. Carlota B. Francisco
Dr. J. Pilapil Jacobo
Mr. Mark Benedict F. Lim
Ms. Glenda C. Oris
Dr. Allan C. Popa
Dr. Jerry C. Respeto
Dr. Joseph T. Salazar
Dr. Edgar C. Samar
Dr. Corazon L. Santos
Mr. Jethro Niño P. Tenorio
Ms. Andrea Anne I. Trinidad
Dr. Claudette M. Ulit

KAGAWARAN NG FILIPINO
PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

3/F HORACIO DELA COSTA BUILDING
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Katipunan, Quezon City 1108

Mobile: 0961 0372448
Phone: 8426 6001 ext. 5320
Fax: 426 6001 ext. 5321
E-mail: filipino.soh@ateneo.edu

ATENEO DE MANILA UNIVERSITY

PROGRAMANG MENOR SA PANITIKANG FILIPINO

Minor Program in Filipino Literature

Menor sa Panitikang Filipino

Bukas para sa lahat ng mag-aaral sa antas ng kolehiyo, na nais pagyamanin pa ang kanilang kaalaman sa kultura, wika at panitikang Filipino nang higit pa sa itinuturo sa core curriculum. Kinakailangan lamang ang karagdagang 15 unit, katumbas ng 5 kurso, na kukunin sa loob ng Kagawaran ng Filipino. Kabilang sa mga nasabing kurso ang mga introduksiyon sa pampanitikang pag-aaral, teoryang pampanitikan at pangkultura, at postkolonyalismo.

Mga Kahingian sa Pagpasok at Pananatili sa Loob ng Programa

Upang matanggap sa loob ng programang Menor sa Panitikang Filipino, kinakailangang makakuha ng hindi bababa sa markang "B" ang mag-aaral sa mga kursong Malayuning Komunikasyon (Fili 11) at Panitikan ng Pilipinas (Fili 12) na kabahagi ng core curriculum. Kapag natanggap na sa loob ng programang Menor sa Panitikang Filipino, kinakailangang hindi bababa sa markang "C+" ang makukuha ng mag-aaral sa lahat ng kurso sa ilalim ng programa.

Mga Kursong Panlahat (12 units)

PNTKN 111 Introduksiyon sa Panitikan at Pampanitikang Pag-aaral

Nakatuon ang kurso sa pagpapakilala sa Filipino bilang isang larang na may interdisiplinaryong bisa o talab. Ipinamamalas ng kurso ang kakayahan ng Filipino na sabay na pagbatayan ang katutubong kultura at mangusap sa kalakarang global ng mga idea, praktis at pamamaraan sa mga napapanahong usapin. Binubuo ang kurso ng mga panayam na maglalatag ng lawak at lawig ng mga saliksik at kaisipang magsisilbing huwaran ng pag-aaral ng panitikan at araling Filipino.

PNTKN 112 Introduksiyon sa Teoryang Pampanitikan

Nakatuon ang kurso sa pag-aaral ng mga teoryang pampanitikan na lumitaw simula ng panahong klasikal ng mga Griyego hanggang sa ika-18 siglo sa Europa, at nagbigay-daan sa mga tradisyong kagaya ng kanon, asal, at mga sistemang kanluranin. Susuriin sa kursong ito ang pag-unlad ng mga kaisipan, usapin, at suliraning patuloy na tinutugunan ng teorya at kritisismong pampanitikan nang may diin sa naging impluwensiya nila sa ating sariling pagsusuri at pagpapahalaga sa panitikan, sining at kaalaman.

PNTKN 113 Introduksiyon sa Teoryang Pangkultura

Nakatuon ang kurso sa pag-aaral ng mga teoryang pangkultura na lumitaw simula ng katapusan ng ika-19 siglo sa Europa at nagbigay-daan sa higit na dinamikong uri ng kritisismo na nagbigay-daan sa multidisplinaryong lapit sa panitikan, wika, sining, midya at iba pang aspekto ng kultura. Bibigyang-diin sa kursong ito ang naging ugnayan ng mga produksiyong tekstuwal sa mga usaping gaya ng subhektibidad, bayan, kaunlaran, atbp.

PNTKN 114 Introduksiyon sa Postkolonyalismo

Introduksiyon ang kurso sa diskurso ng postkolonyalismo at sa mahalagang gampanin nito sa pagbuo ng mga Filipino ng kanilang identidad at kasaysayan, palayo sa Kanluranin at imperyalistang naratibo. Tatalakayin ang mga aralin ukol sa postkolonyalismo at ang mga tiyak na paglalapat nito sa karanasan ng mga Filipino na bubuo ng mga kasaysayan ng bayan sa pagtatangkang bumuo ng rebisyon sa Kanluraning estruktura ng kapangyarihan at kaalaman.

Kursong Elektib (3 units)

Isang PNTKN na Elektib